

ACA MARKETPLACE

APIAHF
ASIAN & PACIFIC ISLANDER
AMERICAN HEALTH FORUM



Mahalagang mga pagbabago sa ACA Marketplace sa panahon ng Bukas na Pag-patala para sa 2025-2026 (Open Enrollment Period, OEP)

- ▶ Asahan ang mas mataas na mga Hanggahan sa mga gastos na mula sa sariling bulsa, kasama ang para sa mga naka-patala sa mga plano na ini-sponsor ng employer at ang mga may mga pagbabawas sa paghahati sa gastos.
- ▶ Asahan ang mga pagtaas sa mga premium dahil sa mga pagbabago sa mga formula ng pagbabayad at mga plano. *Tataas ang mga gastos kahit hindi mag expire and Premium Tax Credits.*
- ▶ Ang mga naka-patala na nasa o mababa sa 150% pederal na antas ng kahirapan (federal poverty level, FPL) ay maaari lang tumanggap ng mga premium tax credit o mga pagbabawas sa paghahati sa gastos kung mag-aapply sila sa normal na OEP (Nobyembre 1, 2025 - Enero 15, 2026) maliban kung mayroon silang kwalipikadong pangyayari sa buhay. Tingnan ang mga kinakailangan ng iyong estado para maging kwalipikado para sa espesyal na panahon ng pag-patala (special enrollment period, SEP).
- ▶ Hindi na magiging mahalagang benepisyo sa kalusugan ang pangangalaga para sa tiyak na kasarian.

Mga pagbabago na may kaugnayan sa imigrasyon

Ang mga tumatanggap na Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) ay hindi na ngayon kwalipikado para sa may diskwentong coverage ng ACA Marketplace. Maaari pa ring mag-patala ang mga tumatanggap na DACA sa isang plano ng ACA Marketplace (nang walang tulong) o maaaring maging kwalipikado para sa iba pang mura/mababang halaga na mga opsyon ng insurance ng estado.

Ang mga legal na imigrante na may kita na mababa sa 100% FPL ay hindi na kwalipikado para sa mga premium tax credit (mga PTC) simula sa Enero 1, 2026.

Ang Bukas na Pang-patala para sa 2026 coverage ay magsisimula sa Nobyembre 1, 2025 at matatapos sa Enero 15, 2026. Ang mga Taong interesado sa pag-epatala sa ACA Marketplace coverage ay dapat mag-apply sa panahong ito.

Tandaan na maaaring wala nang mga OEP ang ilang estado.

Manatiling alerto. Mas pinadadali ng bagong patakarang pederal para mawala ang mga tax credit ng mga tao dahil sa mga isyu sa pagtutugma ng datos.

Siguruhin na ang impormasyong ibibigay mo, tulad ng laki o kita ng pamilya, ay **tama at tumutugma** sa impormasyong ibinigay sa IRS at Social Security Administration, lalo na para sa mga maraming pinagkukunan ng kita o kasali sa gig na trabaho, seasonal na trabaho, o self-employment.

Bagaman **at meron paring automatikong pagpapatala**, mas kaunti na ngayon ang panahon para ayusin ang mga isyu sa pagtutugma ng datos. Dapat bumalik ang mga naka-patala sa Marketplace para i-update ang kanilang sambahayan at impormasyon ng kita at aktibong pumili ng plano.



Bisitahin ang ACA Marketplace Open Enrollment Webpage para sa mga mahalagang petsa, update, link, at listahan ng mga kinakailangang dokumento.